SAN FRANCISCO HUMAN SERVICES AGENCY

# Programa ng Suporta sa Matitirhan ng Refugee

## Matanggap ang suportang kailangan mo

Ang Programa ng Suporta sa Matitirhan ng Refugee ay nagbibigay ng mga direktang serbisyo para sa matitirhan at tulong sa utility sa mga bagong dating na refugee at iba pang kwalipikadong bagong dating sa San Francisco.

### Suporta sa programa

- **Tulong sa upa sa loob ng hanggang 12 buwan:** Sinasaklaw ang hanggang 100% ng buwanang gastusin sa upa ng isang kwalikadong aplikante at ng mga kwalipikadong miyembro ng kanyang sambahayan.
- **Tulong sa paunang deposito na panseguridad:** Hanggang sa buong halaga, kapag hiningi sa loob ng 30 araw mula sa pagbibigay ng deposito.
- **Tulong sa utility sa loob ng hanggang 12 buwan:** Sinasaklaw ang hanggang 100% ng buwanang gastusin.
- **Tulong sa upa at mga utility na hindi pa nababayaran:** Sinusuri ayon sa sitwasyon.

### Pagiging Kwalipikado

Ang mga indibidwal na maitatalaga bilang kwalipikado ng Tanggapan para sa Resettlement ng Refugee (Office of Refugee Resettlement, ORR) na dumating sa Estados Unidos sa o pagkalipas ng Oktubre 1, 2024, at nakatira sa San Francisco ay puwedeng makatanggap ng mga serbisyo ng Programa ng Suporta sa Matitirhan ng Refugee kung pasok sila sa isa sa mga sumusunod na kategorya:

- Mga Refugee
- Mga Iraq at Afghan na Special Immigrant
- Mga Asylee
- Mga Cuban at Haitian Entrant
- Mga Amerasian
- Mga Biktima ng Human Trafficking (na nabigyan ng sertipikasyon ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao [Health & Human Services, HHS] sa o pagkalipas ng Oktubre 1, 2024)

**Tagal ng Pagiging Kwalipikado:** Matatapos ang pagiging kwalipikado sa programa 12 buwan pagkatapos maibigay ang status sa immigration ng kalahok.

### Para sa higit pang impormasyon at makapagsimula sa proseso

Bisitahin ang aming webpage: **SFHSA.org/refugee**

Makipag-ugnayan kay: **Andy Beetley-Hagler** (andy.beetley@sfgov.org) o **Veronica Valenzuela** (veronica.valenzuela@sfgov.org)

Na-update noong: 1/28/2026